

PROLOGUE



Isa sa likuran at dalawa sa harapan...

Agad kong ibinaliktad ang *katanang* hawak ko saka sumugod sa dalawang nasa harapan ko. Bigla akong umikot at yumuko para sipain ang isa pa sa likuran.

Napatigil sila at bahagyang napaatras. Tiningnan ko ang mga gangsters sa paligid ko na naghihintay din ng pagkakataon nila para sumugod. May lima pang natitira pero wala na akong balak patagalin pa ang labang ito.

Nag-angat ako ng mga mata at tiningnan ang buwan. Hindi ko maintindihan pero parang may kakaiba sa araw na ito. Hindi ang mga gangsters na humahamon at sumusugod sa akin, hindi ang pakikipaglaban o ang pagpatay...

May pakiramdam ako na may mangyayaring hindi maganda.
“Haaa...”

Bumaling ako sa lalaking unang naglakas-loob na sumugod sa ‘kin. Tumingin ako sa ibaba at napansin ang isang lata. Sinipa ko iyon nang malakas at tumama iyon sa mukha ng lalaki.

Sumugod na din ang iba at umatake. Mabilis kong naiwasan ang isang arnis na patama sa ulo ko. Sinalo ko naman ang tubo na hawak ng isa pa saka iyon inagaw at ipinalo sa may hawak ng arnis. Ibinaliktad ko ulit ang *katana* saka isinaksak sa lalaking sumugod mula sa likuran ko.

Tiningnan ko ang dalawa pang natitira. Ramdam ko ang takot at kaba nila pero hindi iyon ang gumugulo sa isipan ko.

Inihagis nila ang mga armas na hawak at saka mabilis na



tumakbo palayo. Kumunot ang noo ko sa ginawa nila. Matapos nila akong hamunin at pagtangkaang patayin, sila pa itong unang tatakbo.

Tumalikod na ako at pabalik na sa sasakyan ko nang isang *tanto* ang muntikan nang tumama sa 'king mukha. Kung hindi lang siguro ako nakakilos nang mabilis, sigurado akong tinamaan na ako n'un.

Dahil medyo madilim sa bahaging ito, hindi ko makita kung sino ang pangahas na may gawa niyon.

Napaatras ako habang nakaharang ang *katana* ko sa harapan dahil sa biglaang pag-atake. Patuloy pa rin siya sa pagtulak sa akin habang ako naman ay napapaatras.

Lumingon ako sa likuran ko. Dead end na.

Agad kong itinapak ang paa ko sa pader para magkaroon ng puwersang itulak ang sarili ko saka ako tumalon patungo sa likuran niya. Mula sa ibaba ay itinaas ko ang *katana* patama sa kanyang mukha.

Bahagya siyang napaatras at natigilan sa ginawa ko. Susugod pa sana ako nang bigla kong maaninag ang mukha niya mula sa liwanag ng buwan.

“You really are something, *Virgo*. Or should I call you Bloody Maria, the queen of the gangsta.” Saka siya ngumiti.

“*Leo!*”

Medyo napaatras pa siya nang kaunti sa biglang pagyakap ko, saka ngumiti. Alam ko na nasasakal siya sa yakap ko pero di naman papalag 'to, eh. Bumitaw ako sa kanya at tiningnan siyang mabuti. Hindi ako pwedeng magkamali. Kahit may suot pa siyang maskara ngayon, makikilala ko siya.

Sobra ko siyang na-miss, ang best friend ko.

Ilang buwan ko din siyang di nakita. Pag tatawag naman ako

sa kanya sa Japan, saglit lang kaming nakakapag-usap dahil bigla niya akong bababaan ng telepono. Feeling ko nga noon iniawasan niya ako, eh. Sayang, hindi ko mapipisil ang pisngi niya dahil sa suot niyang maskara.

“Akala ko hindi ka na pupunta.”

Itinabi ko ang *katanang* hawak ko sa *saya* nito at gan’un din ang ginawa ni Leo.

Ngumiti siya sa akin bago ulit nagsalita. “May inasikaso lang ako sa Japan. Nasaan na ang ibang Apostles?”

“Baka nasa Underground City na sila.”

Ang gwapo talaga ng hinayupak na ‘to. Manang-mana sa kagandahan ko. Ginulo ko ang buhok niya at agad naman niyang pinalo ang kamay ko at inayos ulit ang buhok.

Grabe, ang sakit ng palo niya, ha. Ang bigat ng kamay ng lalaking ito. Namula agad ang kamay ko.

Di pa rin siya nagbabago. Ayaw na ayaw niyang ginugulo ang mala-shampoo commercial model daw niyang buhok. Ipakalbo ko kaya siya ‘tapos isubasta ko ‘yung buhok niya? Yayaman ako n’un.

“Mas mahal pa ‘yan sa kotse mo.”

“Tsk... pero mas mahal mo naman ako.” Pabiro ko siyang sinuntok sa braso. Bigla siyang natahimik sa sinabi ko. Sabi na nga ba, eh. May pagnanasa sa akin ito. May pa-hidden hidden desire pang nalalaman...

“Asa.”

Asa? Ako? Asa? Sa ganda kong ito? Walang lalaki na di mahuhulog dito. Hindi ako asa, ako ang paasa. Baliktad na yata ang dictionary niya.

Dumerecho na kami sa Underground City kung saan nagtitipon-tipon ang lahat ng mga gangsters. Syempre, doon din nagpunta ang mga Apostles.



Ang Apostle Thirteen.

The notorious and most powerful gangsters in the world. Isang linya lang ang inihiwan naming babala sa oras na banggain mo kami: *welcome ad infernum*.

Wala pang nakakakita sa mukha namin dahil sa maskarang tumatakip sa mga iyon pero makikilala mo kami sa mga tattoo namin sa katawan, mga tattoo ng Zodiac Signs.

Tama, *namin*, dahil isa ako sa kanila... Ang ika-anim sa mga Apostles ng God of Gangsters at ang kasalukuyang Queen ng mga Apostles.

Virgo...

O mas kilala sa tawag na Bloody Maria...

“Bata!” Sinalubong ako ni *Aries* at ginulo niya ang buhok ko.

“Kapatid.”

Tsk... ‘wag na kayong magtaka. D’yan ako nagmana sa panggugulo ng buhok at panggugulo ng buhay. Bukod kay *Leo*, si Kapatid na *Aries* lang ang masasabi kong pinagkakatiwalaan ko sa mga Apostles.

Nandito na kami ngayon sa Underground City o mas kilala na UC, at gaya ng inaasahan, madami nang gangsters ang nandito. May bar din dito at may banda. Sina *Cancer* at ang gangmates niya ang tumutugtog.

Nasa stage na si *Cancer* kasama ang banda niya habang pinapanood lang sila ni *Aquarius*. Honestly, kinikilabutan ako sa dalawang ‘to kapag magkasama sila. Kung anu-anong green ang pumapasok sa utak ko, katulad ng ano... at ng ano... at ng ano pa.

“Maria... Ave Maria... Yo Yo, Maria.”

Buwisit, ganda ng welcome song ko, ah...

Sarap ipalunok sa kanya ‘yung mic niya at basagin ang mukha.

Agad kong hinablot ‘yung bote ng isa sa mga gangsters at

ibinato iyon kay *Cancer*. Nakailag naman siya. Bumaling naman sa akin 'yung syota niyang si *Aquarius* at tinitigan ako. Taas ng kilay ng bruha. Tinalo pa si *Darna*.

“Oh, tinitingin-tingin mo?”

Syempre, papatalo ba ako sa katarayan? Eh di tinaasan ko din siya ng kilay. Pataasan kaming dalawa.

Lalapitan na sana ako ni *Aquarius* nang bigla akong hinila palayo ni *Leo*. Eh naman, may mabubugbog na sana ako.

Hindi ko naman mahagilap si *Sagittarius*. Siguro umuwi na. Ilag sa tao 'yun, eh. Parang may phobia. Pero 'wag na 'wag mo siyang gagalitin dahil kilala siya bilang isang bomber. Kahit anong oras, kayang-kaya ka niyang patayin.

Si *Libra* naman ay nasa isang sulok lang at umiinom katabi n'ung bata na hindi ko pa rin kilala hanggang ngayon. Lagi lang silang magkasamang dalawa. Kung hindi ko lang alam na pareho silang straight na lalaki, iisipin ko berde sila. You know what I mean.

Sina *Scorpio* at *Taurus*... tsk, nag-away na naman ba ang dalawang 'to? Kitang-kita mo 'yung mga pasa at sugat sa katawan nila eh. Binatukan ko nga si *Taurus* nang mapadaan ako sa gawi niya. Siya naman kasi ang laging nagsisimula ng gulo sa kanilang dalawa eh.

Mainitin ang ulo ni *Scorpio* na kahit matingnan mo lang siya, kahit saglit, iba na agad ang kahulugan n'un sa kanya.

'Yung kambal na *Gemini*, pinagkakaguluhan doon sa dance floor. Sila ba naman ang sumayaw na may waterfalls effect pa at manipipis ang suot na akala mo naghuhubad na. Syete, hinuhubaran na nga yata ng mga manyakis na gangsters dito ang kambal.

At...



“Fifty para kay *Capricorn*, fifty kay *Pisces*,” sigaw n’ung kalbo. Nagbubunong-braso kasi ‘yung dalawang Apostles at pinagpupustahan sila ng lahat. I mean, hindi naman lahat, mostly lang.

Pero hindi biro-birong bunong-braso ‘yun, dahil sa magkabilang dulo ay may ice pick na nakatusok. Once na matalo ka, siguradong butas ang kamay mo at dadanak na naman ng dugo.

Nakaupo na silang dalawa at parehong nag-stretching pa. Si *Pisces*, humabol pa ng isang halik d’un sa babaeng kasama niya.

“F*ck you, pare.”

“Love you, too, Gago.”

Saka nila sabay na ipinatong ang isang kamay nila sa mesa. Napasulyap pa ako sa magkabilang dulo kung saan nakalagay ang mga ice pick. Hindi nga naman magiging exciting kung simpleng bunong-braso lang ‘to. Pero mas masaya siguro kung ako ang unang makakasubok n’un.

Wala pang bumabagsak sa mga kamao nila. Malakas din itong si *Pisces*, hindi ko ipagkakaila ‘yun... para saan pa at naging Apostle siya?

Dahan-dahan nang bumabagsak ang kamay ni *Capricorn* at nakikita ko na malapit nang dumikit ang dulo ng ice pick sa likod ng palad niya. Shit, may dugo na ngang tumutulo.

“Ayan na.”

“Ano sa tingin mo’ng ginagawa mo?”

Napalingon ako at nakita si *Leo* na nakatitig sa akin. Nasa harapan kasi ako ng mesa kung saan nagbubunong-braso ang dalawa.

Mas maganda ang view dito dahil kitang-kita ko ang pagtulo ng dugo nila. Hindi ko na lang siya pinansin at tumingin ulit d’un sa dalawa.

Buong puwersang inangat ni *Capricorn* ang braso ni *Pisces* at ibinagsak iyon sa ice pick na nasa mesa. Yes, may mauutang na naman ako!

“Arggg...”

“Ows...”

Naghiyawan ang mga gangsters sa UC, saka pinagkukuha ang pusta nila. May mga nagkatulakan at suntukan pa dahil sa resulta. Well, hindi na bago ‘yun dito sa UC.

Dapat pala pumusta din ako. Nakita kong napakunot ng noo si *Pisces* habang nakatingin d’un sa ice pick.

Tumayo siya na hindi pa binibitawan ang braso ni *Capricorn*. Napakunot-noo naman ito sa ginawa niya. Mukhang may mangyayari pang mas maganda. Agad niyang hinugot ang ice pick sa kabilang dulo at itinusok din ‘yun sa kamay ni *Capricorn*.

“Gago ka talaga.”

“Wala nang patas sa mundo ngayon.” Hinugot ni *Pisces* ang ice pick sa kamay niya.

As expected sa mga Apostles, lalapit na sana ako para kunin ‘yung ice pick para souvenir pero biglang hinawakan ni *Leo* ang damit ko at hinila na ako palayo.

Bakit ba ang KJ ng lalaking ito?

“Bitiwan mo nga ako. Talo mo pa ang tatay ko kung makabantay, ah.”

Binitawan ako ni *Leo*, pero ang isang ito, nananadya yata talaga at dito pa kami sa gitna ng dance floor tumigil kung saan sumasayaw ang lahat.

Tumalikod ako sa kanya at babalik na sana sa puwesto ko nang hawakan niya ang kamay ko at hinila ako palapit.

Hinila niya ako ulit and this time, napasubsob ako sa dibdib niya.



“I’m telling you, pagsisisihan mo ito...”

“Thank you for reminding me,” sabi niya bago ngumiti sa akin.

Bakit ba lagi na lang akong dinadaan nito sa ngiti? Wala tuloy siyang ka-thrill-thrill asarin.

Hinawakan niya ang kamay ko at tinitigan ako. Aaminin ko na. Parehong kaliwa ang mga paa ko. Sa hindi ako marunong sumayaw, eh. ‘Yun ang alam ko. Masyadong pa-girl ang bagay na ‘yun.

“What?”

Nakatitig lang kasi sa akin si *Leo* at hindi gumagalaw. Medyo napapakunot na rin ang noo niya.

“Tinatapakan mo ang paa ko.”

Napatingin ako sa mga paa namin at tama siya, tinatapakan ko nga ang paa niya.

“Ah, hindi ko naramdaman, eh. Pasensya na.” Saka ko paulit-ulit pang tinapakan ang paa niya.

“Nag-enjoy ka pa ha.”

Ngumiti lang ako sa kanya. Napabuntong-hininga naman si *Leo* at may kinuha sa bulsa niya.

“I have a gift for you.”

Alam kong napapansin na kami ng lahat. Ayaw lang nilang mag-react kasi baka masapak ko sila. Oo, sasapakin ko sila kapag may nagtangkang magsalita sa kanila.

Tsk, subukan lang talaga nilang mag-react, patay sila sa akin.

Tinitigan ko si *Leo*. Hindi ako sanay sa ganitong mga tingin niya. Iba ito kung ikukumpara ko noon. Para bang may alam siya na mangyayari na di ko alam. Sa kauna-unahang pagkakataon, ngayon lang ako kinabahan nang ganito.

Hinawakan niya ang kamay ko, saka iyon hinalikan. Bago pa man ako makapagsalita, inunahan na niya agad ako na labis kong

ikinabigla.

“No matter what happens, I’m always here for you. You don’t need to call my name or shout it out loud. If I know it’s time for me to save you, I will come and that’s for sure.”

At pagkasabi n’un, isinuot niya ang kuwintas sa akin. Isang silver na kuwintas na may pendant na symbol ng *Virgo*.

Virgo.

The second sign of the Zodiac symbolized by a human being. My Apostle.

“How sweet...”

Napatingin kami ni *Leo* sa isang lalaki na biglang sumulpot sa likuran ko. Panira naman ng eksena ito.

“Hi, Bloody Maria.” Kumaway siya sa akin. “Want to race with me?” Ipinakita niya ‘yung susi ng sasakyan niya sa akin.

Napataas ang sulok ng mga labi ko. Wala akong oras makipaglaro sa kanya. Bakit ba ang daming naglalakas-loob na kalabanin ako pero sa huli naman ay tatakbo?

“Not interested.”

Lumakad na ako at nilampasan siya. Hindi pa rin mawala sa isip ko ‘yung sinabi ni *Leo* kanina at ang necklace na ito.

“*McLaren F1*. Kapag natalo mo ako, sa ‘yo na ang kotse ko.”

“Deal!”

Mukhang nabigla siya sa bigla kong pag-agree. Ibang usapan na ito. *McLaren F1*, ‘yun ang kotse ni Batman, este ‘yung may pintong mukhang bat. *Pagkakamali mo lang na hinamon mo ako sa isang bagay na expert ako.*

“Ang bilis mong pumayag...” ani *Leo* na nakabusangot na.

“Ano’ng problema?”

Lumapit sa amin si *Aries* at umakbay kay *Leo*. Mag-best friend ang dalawang ito.

“Pagsabihan mo ‘yang kapatid mo...”

Saka umalis si *Leo*. Nagtataka akong tiningnan ni Kapatid. Ngumiti lang ako sa kanya at sumunod na d’un sa lalaking humamon sa akin.

Nakangiting lumapit sa akin si *Cancer*. “Ready?”

Bahagya akong napatingin kay *Aries* na nakaakbay sa girlfriend niyang si Amber habang sumesenyas ito sa akin ng OK. Napangiti ako at mas lalong humigpit ang hawak sa manibela ng *Bugatti Veyron* saka muling bumaling kay *Cancer*.

“Easy, Bloody Mary. F1 racer ang kalaban mo.”

I couldn’t hide my excitement sa race. Kahit si *Cancer* ay napansin iyon.

“Talaga? Sige, magpapa-autograph ako mamaya pag natalo ko na siya.” At binigyan ko siya ng isang nakakalokong ngiti at saka sinuluyapan ang kalaban kong F1 racer daw.

Muli kong tinapakan ang accelerator at pinaingay ang makina ng sasakyan. Naghiyawan ulit ang mga taong excited nang magsimula ang race.

Sisiguradubin ko na pagsisisihan mo na hinamon mo ang isang Bloody Maria.

Nasa mountain top kami ngayon, ilang kilometro ang layo sa Underground City. At itong gagong ito, hinamon lang naman ako sa isang death race, ang race na pinagkakalibangan ko ngayon. Hindi lang pride mo bilang isang racer at gangster ang nakataya dito kundi pati ang buhay mo. Hindi kasi biro at basta-basta ang ruta na dadaanan.

Dahil nasa taas kami, mas bumibilis ang sasakyan dahil sa pull of gravity, idagdag mo pa ang zigzag at hindi patag na daan.

Wala na akong pakialam sa dahilan niya kung bakit niya

ako hinamon, basta mapapasaakin ang *McLaren F1* niya. Medyo kailangan ko lang mag-ingat na hindi magasgasan ‘yung sasakyan niya na imposible namang mangyari.

“There are no rules. Just win.” Ngumiti sa akin si *Cancer* at lumapit sa kalaban kong racer. Tinapik niya ito sa balikat. “Welcome ad infernum.”

Mukhang alam na alam na rin niya ang kakalabasan ng laban na ito, but I won’t end this race sa isang boring na match at habulan. I will make sure na hindi na gugustuhin pa ng gagong ito na bumalik dito at maghamon.

Never pa akong natalo sa kahit na anong laban. And losing was not in my vocabulary. Hindi ang pipitsuging ito ang tatalo at magpapaluhod sa akin.

No freaking way.

Itinaas na ni *Cancer* ang pulang panyo na hawak niya. Sa oras na bitawan niya iyon, doon na magsisimula ang totoong laban.

Biglang tumahimik sa lugar. Gusto kong matawa habang tinitingnan ang lokong nasa loob ng kabilang sasakyan. Obvious naman na kinakabahan siya. Hindi pa nga nagsisimula, pawis na pawis na agad siya.

Napalingon siya sa akin. Sacto naman na napakagat ako sa labi ko. I gave him a wink and a flying kiss for goodluck.

Sabay-sabay na nagbilang ang mga gangsters na para bang nanonood lang ng isang 3D na palabas sa sinehan.

“Five!”

Tiningnan ko ang mga Apostles na nagkanya-kanya na ng puwesto. May mga nanonood pero ‘yung iba, dedma lang talaga. Dapat siguro magpasa ako ng batas na dapat i-cheer nila ako kapag may laban ako.

“Four!”



Tagal namang magbilang, makakatulog na ako dito. Ipinatong ko ang baba ko sa manibela habang hinihintay silang matapos magbilang at hinipan-hipan ang bangs ko.

“Three!”

Sumandal ako sa bangkuan at nagkunwaring nagda-drive. Siguro nawiwirduhan sa akin ang kalaban kong ito sa mga pinaggagagawa ko. So what? Tagal naman. Dalawang numbers pa. Hindi ba pwedeng one na lang para start na agad?

Excited na akong iuwi ang *McLaren* niya.

“Two!”

“One!”

Sa sobrang excitement ko at sa bagal nilang magbilang, ako na ang sumigaw ng one. Hindi pa man ako nakakabuwelo, nakita kong nag-drive na ‘yung kalaban ko.

F1 racer pala ha. Tingnan natin kung hanggang saan ang galing mo. Agad kong tinapakan ang gas at hinawakan ang kambyo ng Baby B ko, saka iyon pinatakbo nang mabilis.

Pinagmamasdan ko siyang mabilis na pinapatakbo ang sasakyan niya habang bumubuntot lang ako sa kanya.

Alam ko nang nape-pressure siya sa ginagawa ko pero who cares? Iniisip ko pa rin kung paano ko hindi magagagasan ‘yung sasakyan niya.

Bahagya akong lumapit sa kanya pero mabilis niya ding iniharang ang sasakyan sa harapan ko kaya bigla akong napapreno.

Loko ito, ah...

Okay, I changed my mind. Ayoko na ng sasakyan niya. Hinigpitan ko ang hawak sa kambyo at mabilis na pinag-accelerate ang kotse.

Patay ka sa ‘kin.

Sinimulan kong banggain ang likod ng sasakyan niya

hanggang sa matanggal ang license plate at lumipad iyon sa kung saan.

“Love that, baby!”

Nasa may kanto na kami nang bigla akong mag-drift at binangga ulit ang sasakyan niya saka itinulak iyon sa may barrier.

Bahagya akong humiwalay sa kanya. Kinuha naman niya ang chance na ‘yun para banggain ako pero this time, ako naman ang nagpreno. Dumerecho ang sasakyan niya sa kabilang barrier at nahulog sa bangin.

Hindi ko tuloy naiwasang matawa.

Ano ba ‘yan? Bago pa lang ako nagsisimula, tinapos na niya agad? Nakita ko pang bumaba siya ng sasakyan. Dumaan ako sa harapan n’ung F1 racer at nang nasa tapat na niya ako, I raised my middle finger at him saka siya nilampasan.



Nasa midtown na ako malapit sa bayan. Akala ko pa naman mas exciting ito kesa sa mga unang nanghamon sa akin. Wala din palang pinagkaiba.

Paliko na ako sa susunod na kanto nang biglang may bumangga sa kotse ko. Kinabig ko ang manibela at umikot ang sasakyan ko sa gitna ng daan.

Shit!

Napatigil ako at tiningnan ang sasakyang bumangga sa akin, isang pulang *Ferrari Enzo*.

Magkatapat ang mga sasakyan namin sa gitna ng daan. Mabuti na lang at madaling araw pa lang kaya walang masyadong tao.

Tinitigan ko ang sasakyan at pilit na inaaninaw kung sino ang driver niyon pero hindi ko makita.

Biglang umandar ang sasakyan pabangga sa akin, kaya naman



agad akong nag-shift ng gears at pinaandar ang kotse ko.

Dahil malapit na siya sa akin, wala akong nagawa kundi iatras ang sasakyan ko habang siya naman ay nasa unahan at sumusunod sa akin.

Tumingin ako sa may likuran. Tatama ako sa barricade. Binilisan naman n'ung driver ng *Ferrari Enzo* ang pagmamaneho niya. Nang patama na ako sa barricade ay agad kong iniliko ang Baby B ko kaya siya ang tumama doon.

Sino kaya 'to?

Agad akong nagmaneho palayo nang umandar ulit ang *Ferrari*. Ano ba'ng kailangan ng isang ito?

Dumaan ako sa flyover at sumusunod pa rin siya sa akin. Agad akong nag-U-turn at nilampasan ang mga sasakyan na nasa harapan ko.

Alam kong madaming may galit sa akin pero iisa-isahin ko pa ba sila para lang malaman kung sino ang tokwang pulang uod na ito?

Bang!

Bang!

Shemay... napayuko ako kahit alam kong di naman ako tatamaan. Lumington ako at nakita ko ulit ang *Ferrari Enzo* na nakasunod sa akin.

Kung tama ang pagkakaalala ko, may dagat dito sa lugar na ito kung saan may buhangin at syempre, may isda at may halamang dagat at may sirena...

Sunud-sunod pang putok ang narinig ko. Di ba mauubusan ng bala 'to? Kung saan-saan nang kanto ng Pilipinas ako lumiko at nabangga, ah.

Napangiti ako nang makilala ang dinadaan kong lugar. Lumiko ako sa kanan at sinundan lang niya ako.

Nang makasiguro ako na nakadikit na siya ay agad akong lumiko pakaliwa.

Pinaangat ko ang dalawang gulong ng sasakyan ko kaya nagkasya iyon sa maliit na iskitinang pinasok ko. Natanaw ko pa ang *Ferrari Enzo* na bumangga sa pader bago tuluyang nasira.

Nakita ko pa nang bumaba 'yung driver at sinipa 'yung sasakyan niya saka tumingin sa direksyon ko. Medyo malayo na kaya hindi ko naaninag ang mukha niya pero sigurado akong lalaki siya.

Well, boy, that is what you call hell, and hell is my middle name.

Napatanaw ako sa dagat na makikita mo lang sa kabilang banda mula sa kinalalagyan ko. Mag-uumaga na pala. Napahawak ako sa kuwintas na ibinigay ni *Leo* sa akin.

Nang makarating na 'ko sa pinakadulo ng iskitina at makalabas, agad kong kinabig pakaliwa ang manibela at...

Shit.

Isang malaking trak ang kasalubong ko. Automatic namang kinabig ng kamay ko ang manibela. Umikot nang umikot ang sasakyan ko at sumalpok sa di ko malamang bagay.

Naramdaman ko pa ang malakas na paghampas ng ulo ko sa manibela hanggang sa mabitawan ko iyon.

Ang ulo ko... dugo...

Ang susunod ko na lang na alam ay ang pakiramdam ng tubig sa katawan ko at ang paghila nito sa kotse ko pababa. Tsk... mamamatay na ba ako? Ito na ba ang katapusan ko?

Hindi ko man lang naranasang magka-boyfriend nang matino o kaya mapagupitan ang buhok ni *Leo*. Ako pa ang magiging wedding planner ni Kapatid at ni Ate Amber. Tsk... di pwede...

Hindi ako mamamatay dito...



Sinubukan kong tanggalin ang seatbelt pero sobrang higpit niyon at nauubusan na talaga ako ng oxygen.

Mamamatay na yata talaga ako.

Unti-unti nang nanlalabo ang paningin ko...

Natanggal ko din ang pagkakakabit ng seatbelt pero wala na akong lakas para lumangoy. Unti-unti na akong nilalamon ng tubig pababa sa kung saan.

Napatingin ako sa taas kung saan naaaninag ko ang liwanag ng araw sa ibabaw ng dagat...

Mula sa leeg ko ay umangat ang isang kuwintas na may simbolo ng Virgo.

Hinawakan ko iyon at pinagmasdan.

Inangat ko ang kamay ko pero wala na ring silbi. Ang bigat ng pakiramdam ko. Unti-unti kong ipinikit ang mga mata ko at kasabay niyon ang pagkawala ko ng malay.



“1... 2...”

Kinakabahan pa rin ako.

Hindi ko alam kung ilang beses ko nang naulit bilangin ang 1, 2, 1, 2 na ‘yan sa utak ko. Sobrang bilis ng tibok ng puso ko na kulang na lang ay lumabas ‘yun sa katawan ko. Ngayong araw na ito, ngayon ko malalaman ang kapalaran ko. Ilang taon ko ring hinintay ang pagkakataon na ito at kahit graduating na ako next school year, sana mapagbigyan pa rin ako.

Mas lalong napadiin ang pagpikit ko. Hindi ko kayang dumilat at tumingin sa bulletin board. Kinakabahan talaga ako. Parang nawala lahat ng kumpyansa ko sa sarili sa araw na ito.

Hindi ko kaya...

“*Unsa ginabuhat nimo?*” Ano’ng ginagawa mo?

Aray! Napilitan tuloy akong dumilat at bumungad sa akin si Caleb na titig na titig sa mukha ko. Napahawak ako sa noo ko. Sigurado ako na mapula na ‘yun dahil sa pagpitik niya d’un.

Nakakainis naman ang lalaking ito.

Humarap siya sa bulletin board at agad niyang tinanggal ‘yung nakapaskil na papel doon. Iyon ang result ng exchange student program ng Wimbledon na hindi ko magawang tingnan.

“*Taym pa, ako sa!*” Teka lang, ako muna!

Dream school ko ang Wimbledon University. Isa iyong elite school para sa mayayaman at matatalinong estudyante. Kung may pera nga lang sana ako, doon ako mag-aaral kaso tuition fee pa lang nila, pwede na akong magpatayo ng mansyon.



“Caleb!”

Pilit kong inagaw ‘yung papel na hawak at binabasa niya. Iwinagayway niya rin ‘yun sa itaas para hindi ko maabot.

Bakit ba kasi ang tangkad ng lalaking ito?

“*Wala man imong pangalan dri... so unsaon mana, murag kuyog ta mo graduate sunod tuig.*” Wala naman ang pangalan mo dito... so paano ba ‘yan, mukhang sabay tayong ga-graduate next year.

“*Oh tinuod?*” Hindi nga?

Para akong pinagsakluban ng langit at lupa sa sinabi niya. Kung gan’un, bumagsak ako. Tatlong taon kong pinaghandaan ‘yung exam na ‘yun, para sa ano? Para lang bumagsak?

Kaya siguro ang lakas ng kaba ko. Naiiyak na ako.

Hinayupak kasi itong si Caleb, eh. Alam naman niya na gustung-gusto kong makapag-aral sa W.U. ‘tapos ganito lang pala. Sana man lang sinabi niya sa mas maayos na paraan, di ba?

“Lyra!”

Sabay pa kaming napatingin ni Caleb kay Christine na nagmamadaling tumakbo palapit sa amin habang hawak ang isang papel. Agad siyang tumigil sa harapan namin at saglit na huminga nang malalim.

“About sa Exchange Student Program...”

“Ok lang. *Siguro dili gyud to para sa ako-a.*” Ok lang. Siguro nga hindi para sa akin iyon.

Okay lang talaga pero naiiyak pa rin ako.

At hindi okay ‘yun.

Magkasalubong ang mga kilay ni Christine nang tumingin siya sa akin. Para siyang nalilito sa sinabi ko. O nag-aalala lang ba siya bilang girl best friend ko?

“*Unsa manang ginaingon nimo? Di ba ikaw ang nakapasa og ang napiling kambyong estudyante?*” Ano ba’ng sinasabi mo? Hindi ba’t ikaw ang pumasa at napiling exchange student?

Best naman eh. 'Wag mo nang dagdagan ang sakit na nararamdaman ko.

“Tama na, Best. Okay lang *gyud*.” Tama na best, okay lang talaga.

“Seryoso! *Imong pangalan gyud nakabutang diri*.” Seryoso, pangalan mo talaga ang nakalagay dito.

Saka niya ipinakita sa akin ‘yung papel na hawak niya.

Lyra Salcedo

Pangalan ko nga. Pangalan ko ‘yan! Pero sabi ni Caleb... Sinabi niya sa akin na hindi ako nakapasa. Kinuha ko ‘yung papel na hawak niya at binasa ‘yun.

“Pfft...”

Napatingin ako kay Caleb na nagpipigil ng tawa habang tinatakpan ang bibig niya at nakahawak sa tiyan ang isang kamay. Grabe, nasaksihan niya ang epic kong itsura.

“Ikaw...”

Lumapit ako sa kanya at bahagyang itinaas ang kamay ko papunta sa mukha niya pero mabilis ‘yung nahawakan ni Caleb at inalalayan ako sa likod para hindi ako matumba.

“Hindi ganyan ang tamang approach kung hahalikan mo ako.”

Feeling ko umakyat sa mukha ko ang lahat ng dugo ko sa sinabi niya. Paano niya nagagawang asarin ako and at the same time, pakiligin ako?

Teka, ano ‘yung sinabi niya?

“Kalbuhon tikang igata ka.” Kakalbuhin kitang malandi ka.

Ngumiti lang si Caleb sa ‘kin habang pinipilit kong hilahin ‘yung kamay ko mula sa kamay niya para masabunutan siya pero ang malanding ito, mukhang ayaw iyong bitawan. Ano ba kasi’ng iniisip niya na gagawin ko sa kanya kanina?



Nang lumabas ang result, agad akong nagtungo sa registrar

para mag-process ng mga requirements ko. Kung ikukumpara sa school ko na two semesters lang, three semesters ang pasok sa W.U. kaya kailangan ko na agad makapag-report.

Mukhang ako lang yata ang hindi makakaranas ng summer vacation.

“Dili ba gyud ka papugong?” Talaga bang hindi ka na papapigil?

“Best, isa pa, babatukan na kita...”

Kasi naman n’ung una, todo support siya sa akin. Ginawan pa niya ako ng listahan ng mga dapat kong dalhin at bilhin ‘tapos ngayon...

“Sagdi molayas tong babayhana para mabawasan ang mga pakaonon sa balay.” Hayaan mo nang lumayas ang babaeng ‘yan para mabawasan ang mga palamunin sa bahay.

Grabe, gan’un ba ako kalakas kumain at palamunin ang tingin niya sa akin?

“Ka sweet gyud nimo Caleb oy! Kabalo ko na ma-miss ko nimo eh.” Ang sweet mo talaga Caleb! Alam ko namang mami-miss mo ako eh.

“Alam mo naman pala, eh. Eh, di huwag ka nang umalis.”

Pabulong niyang sinabi ‘yun pero sapat na para marinig ko. Lumapit ako sa kanya at tinusok-tusok ko ang tagiliran niya.

“May ginasulti ka?” May sinasabi ka?

“Wala. Lumayas ka na!”



Pero parang tama nga si Best. Hindi magiging madali ito dahil ngayon pa lang, naliligaw na ako.

Bakit sa *Google Maps*, napakadaling hanapin ng Wimbledon pero ngayong nandito na ako, hindi ko na makita?

“Ngayon alam ko na kung bakit masuwerte ako sa araw na ito.”

Hindi ko alam kung saan siya nanggaling. Basta bigla na lang siyang sumulpot sa harapan ko. Nakabukas din ang ilang butones

ng polo niya at bahagya siyang nag-lean sa akin at hinawakan ako sa may baba.

“Dahil ngayon ko makikilala ang isang babaeng katulad mo.”

“Naka-drugs ka ba?”

Halata sa mukha niya na nabigla siya pero agad din iyong nawala at napalitan ng ngiti. Sino naman kasing matinong tao ang magsasabi ng mga bagay na sinabi niya?

“Kung ikaw ang epekto ng drugs na sinasabi mo, siguro nga naka-drugs ako.”

Hindi ko na siya pinansin at mabilis na umalis. Kailangan ko nang mahanap ang head office para makapag-report. Wala akong oras para sa mga ganito.

“Hey? Aren’t you being rude?”

Naramdaman kong sumusunod siya sa akin. Kinakabahan tuloy ako. Baka mamaya stalker pala ang isang ito o di kaya rapist.

“Sorry, busy ako. Maghanap ka na lang ng kausap mo at ako, hahanapin ko pa ang Wimbledon.”

“You already *are* in Wimbledon.”

Napatigil ako sa paglalakad at lumingon sa kanya. Eh? Teka lang. Alam ko na malaki ang Wimbledon pero hindi ko alam na ganito ‘yun kalaki.

Kinilabutan ako. Hindi kaya niloloko lang ako ng isang ito? Bago lang ako dito sa Maynila. Baka pinagtitripan lang ako ng lalaking ito dahil probinsyana ako.

Mas lalo akong kinilabutan nang biglang sumeryoso ang mukha niya at tumitig sa akin.

“Ano’ng pinaplano mo? Tatawag ako ng pulis.” At agad kong hinarang ang magkabila kong kamay sa dibdib ko. Mahirap na.

“It’s funny how you remind me of someone in my past.”

Someone in his past? Baka naman ex niya o di kaya kaibigan? Pero kakaiba talaga ‘yung mga titig niya. Nagtataasan ang mga



balahibo ko.

“Ayun siya!”

Tumingin ako sa likuran niya at nakita ko ang mga guards na tumatakbo papalapit sa amin.

“Nalintikan na,” sabi n’ung lalaki saka ulit lumapit sa akin at bumulong. “Alam ko na mami-miss mo ako pero kailangang-kailangan nang umalis ng gwapong ako...”

Mahangin din ang isang ito, ah? Naramdaman ko na lang na lumapat ang labi niya sa pisngi ko at mabilis siyang tumakbo palayo.

Hinalikan niya ako?

Teka lang. First kiss ko ‘yun pero sa cheek lang naman. Pero kahit na, ni-reserve ko ang kiss na ‘yun para sa isang tao lang. Napayuko naman ako at napansin ang isang ID. Kinuha ko ‘yun at tiningnan.

ID ito n’ung lalaki kanina.

“Taympa, mabilin nimo!” Teka, naiwan mo!

Humarap ako pero wala na siya. Ang bilis namang tumakbo ng isang ‘yun.

Tiningnan ko ulit ‘yung ID ng lalaki. Conrad Elizalde.

Conrad? At base sa ID niya, mukhang hindi siya estudyante ng Wimbledon. Tama nga na hindi ako magtiwala sa lalaking ‘yun.

“Nakatakas na naman siya.”

Nakalapit na ‘yung mga guards sa akin. Hingal na hingal sila at obvious na kanina pa sila tumatakbo.

“Ikaw! Kasabwat ka ng isang ‘yun, ‘no?”

Kasabwat? Teka lang... wala naman akong ginagawang masama. Saglit kong binitawan ‘yung maleta ko. Kailangan kong magpaliwanag sa kanila.

“Hindi po.”

“Sumama ka sa amin.”

Hinawakan nila ako saka kinuha ‘yung maleta ko.

“Teka lang, Kuya...”

Pero masyadong mahigpit ang pagkakakapit nila. Kailangan ko pang pumunta ng Wimbledon pero mukhang sa presinto ang bagsak ko nito.

Kailangan kong magpaliwanag. Kasalanan ito ng Conrad na ‘yun, eh. Mukhang masisira pa ang pag-stay ko sa W.U. dahil sa kanya.



Hindi ko na maalala kung ilang beses na akong tinawanan ng head mistress matapos kong ikuwento ang nangyari. Tama nga si Conrad. Nasa Wimbledon na ako. Mabuti na lang at sa head office ako dinala n’ung mga guards. Kung hindi, hindi ko alam kung saan ako pupulutin.

“Sorry about that. Anyway, pinadala ko na ang gamit mo sa magiging dorm mo.”

Elite school ang Wimbledon pero may mga dormitory din dito. Choice ng estudyante kung mag-i-stay sila o hindi. Sa kaso ko, since taga-Davao pa ako, alangan namang mag-uwian ako, hindi ba?

“This is the student handbook and school manual. Nand’yan na din ang schedule mo.”

Tiningnan ko ‘yung ibinigay sa akin ng head mistress. Hindi ako naniniwala na handbook at manual lang ‘yun. Mas magandang sabihing encyclopedia sa kapal.

May galit ba siya sa mga estudyante niya? Pinagmasdan ko siya na nakangiti lang sa akin.

“May tanong ka ba?”

Actually, madami akong tanong kaso natatakot ako. Baka kasi nasa school manual at handbook ‘yung sagot sa tanong ko, mapahiya pa ako. Pero may isang bagay talaga akong gustong

malaman...

“Saan po ang banyo?”

Dahan-dahan akong lumabas ng cubicle after mag-CR. Tinaasan lang ako ng kilay ng head mistress sa tanong ko pero sinabi niya din naman. Kanina pa kasi ako naiihi, saka sabi niya kung may tanong ako, di ba?

Pero walang duda na mayayaman talaga ang mga estudyante dito. Lahat ng nakakasalubong at nakikita ko, parang pinagsisigawan ng mga gamit at itsura nila na “mayaman ako”.

Tama ba talaga na pumasok ako dito?

“*Siya ba ‘yun?*”

“*Based sa napakabusay kong information, siya nga ‘yun.’*”

“*Hey, you!*”

Lumingon ako at nakita ang tatlong babaeng papalapit sa akin. Sabay-sabay ang lakad nila at napaka-colorful ng suot. Pare-pareho din sila ng outfit at tatlong tao lang ang naaalala ko sa kanila.

Ang *Powerpuff Girls*.

“Ang lakas naman talaga ng loob mo at si Prime pa ang kinalaban mo.”

“Because of you, bumaba ang rank ni Prime.”

Hindi ko maintindihan ‘yung sinasabi nila pero sa tingin ko, may kinalaman ‘yun sa score na nakuha ko sa exam.

At sinong Prime kaya ‘yung tinutukoy nila? Si *Optimus Prime* lang ang kilala kong Prime. Mukhang gulo lang ang dala ng mga ito kaya mabuti pang umiwas ako.

Ganito kasi ‘yung mga napapanood ko sa drama at nababasa sa manga. Sabi nga nila, “prevention is better than cure”, kaya iiwas na ako.

“And where do you think you’re going?”

“To the moon?”

Napatigil ako sa paghakbang. Napansin pala nila ako.

“Get her!”

Kahit hindi pa nakakagalaw ‘yung dalawa, nakatakbo na agad ako. Bakit ba napakasuwerte ko sa araw na ito? Isinumpa yata ako ni Caleb bago umalis sa amin, eh.

“Tabi!”

Nagtabihan naman ‘yung mga estudyante. Nasa likuran ko ‘yung isa at hinahabol pa rin ako. Lumiko ako sa isang kanto pero nandoon din ‘yung isa. Major subject ba nila ang habulan at ang bibilis nilang tumakbo?

Napatigil ako nang biglang sumulpot sa harapan ko ‘yung isa pang babae. Mukhang wala na akong matatakbuhan. Akala ko ba naipasa na ang Anti-Bullying Law?

Napaatras ako. Isa na lang ang choice ko.

Humawak ako sa rail ng terrace saka iyon tinalon. Wala namang nagawa ‘yung tatlo kung hindi tingnan ako pero mukhang isang malaking pagkakamali ang nagawa ko. Nakalimutan ko na nasa medyo elevated part pala ako ng building at sa may ibaba ko, isang lalaki ang nakatingin sa akin.

“Tabi!”



2



Kailan pa nagkaroon ng sudden slow motion sa paggalaw ng tao? Parang gumaan ang katawan ko na sa halip na bumagsak ako, eh, tinangay ako ng hangin at lumutang sa ere.

Hindi ko inakala na ganito pala kasarap sa pakiramdam ang malaglag—

“What the f*ck?!”

Unti-unti akong napadilat. Sa ilalim ko, isang lalaki na naka-polo ang nakatitig sa akin. Ang pula ng mga labi niya at medyo mamasa-masa.

“Damn it! Get off me! I said get the f*ck off!”

Agad niya akong itinulak paalis sa ibabaw niya at mabilis siyang tumayo.

Did I just fall into this man’s arms? I mean, body pala at sobrang lapit ng mukha niya kanina na naramdaman ko na ang init ng hininga niyang tumatama sa mukha ko.

“King, okay ka lang?”

“Mukha ba akong okay? Shit!”

Pinapagpag pa rin niya ‘yung damit niya na akala mo eh napakalaking kasalanan sa mundo ang madumihan siya.

“Ano’ng tinitingin-tingin n’yo d’yan?”

Nag-iwas ng tingin ‘yung mga kasama niya. Bumaling siya sa akin at gan’un din ang ginawa ko sa kanya. Sa isang iglap, parang nagkasundo ang mga mata naming tumingin sa mga labi ng isa’t isa.

Una na akong nag-iwas ng tingin.

Bakit ganito ang pakiramdam ko? Parang may kung anong bagay na sasabog sa loob ko at hindi ko gusto iyon. Natawa ‘yung isa niyang kasama na kanina pa nakatingin sa akin.

“Hindi ko siya hinalikan!”

Eh? Wait, iyon ba ang iniisip niya at ng mga kasama niya? Tek, nahalikan ko nga ba siya? Pero sabi niya hindi naman. Masyadong mabilis ang mga pangyayari kaya hindi ko na din alam.

“Wala namang nagsasabi na hinalikan mo siya.”

“As if naman gusto *tikang halukan*.” As if namang gusto kitang halikan.

Binulong ko lang ‘yun pero mukhang matalas ang pandinig ng isang ito at hinawakan agad ako sa balikat para maiharap sa kanya.

“What did you just say?”

“*Unsa?*” Ano?

Lahat sila ay natigilan at nabigla sa sinabi ko. Oo nga pala. Nasanay na kasi akong mag-Bisaya na nakalimutan ko nang nasa Wimbledon na pala ako at hindi nakakaintindi ng Bisaya ang mga tao rito.

“Kailan pa na-invade ng mga aliens ang planet Earth?”

Alien? Sinong alien, ako? Itinaas ko ‘yung kuwelyo ng damit ko at saka lumapit sa kanya. Mukhang nagulat naman siya at bahagyang napaatras.

“Don’t you dare a devil, bitch!” At itinuro niya ako kahit na bakas naman sa mukha niya na kinakabahan siya.

“Did you just call me a bitch?”

Una, tinawag niya akong alien. “Tapos ngayon naman bitch. *Makaka-bingo ka na sa akin*. Kahit si Caleb hindi ako tinatawag na bitch. Dyosa lang.

“I can’t believe na nakikipag-away si King sa babae.”

“King, ang babae minamahal...”

Tama, hindi inaaway. Bakla yata ito eh.

“Sa kama.”

Ok na sana pero may pahabol pa ‘yung isa.

“Shut up!”

Sabay pa kaming napasigaw n’ung lalaking tinatawag nilang King. Akala mo may royal blood ang isang ito sa kasungitan.

“Hoy, Panget na Alien. Baka hindi mo ako nakikilala. Nasa teritoryo kita kaya matuto kang gumalang!”

“Hoy ka din, Sungit! Anong teritoryo ang pinagsasasabi mo d’yan? Ilabas mo muna ang titulo ng lupa mo bago mo ako sumbatan.”

Hindi ko alam pero mas lalong nagtawanan ‘yung mga kasama niya. Ano ba’ng nakakatawa sa sinabi ko? Nakakainis na nga sila eh. Lalo na ang masungit na ito.

“You...”

Nakita ko na umangat ang kamay niya kaya mabilis akong humakbang palapit sa kanya, saka siya hinawakan sa balikat at sinipa sa private part niya.

Napaluhod siya sa ginawa ko at namilipit. *‘Yan lang pala katapat mo, eh.* Lumapit ako sa kanya at hinawakan siya sa ulo.

“Yeah, don’t dare the devil.”

Saka ko ginulo ang buhok niya pero hinampas niya ang kamay ko. Tumalikod na ako sa kanila at umalis.

Grabe, ginawa ko ba talaga ang bagay na ‘yun? Ano ba’ng meron sa araw na ito at sunud-sunod na kamalasan ang inaabot ko?



Papunta na ako ngayon sa dorm ko. Medyo hindi ko naiwasang mapatingin sa paligid matapos ng nangyari kanina.

Baka mamaya bigla na namang sumulpot ‘yung *Powerpuff Girls* at awayin ako.

Dapat pala isinama ko si Caleb para may knight in shining armor ako.

Saan nga ba ang room ko? 417... Ayun! Medyo nakakatakot lang puntahan dahil nasa dulo pa ‘yun pero okay lang. Umaga pa naman eh.

Dahan-dahan kong binuksan ang pinto ng kwarto ko at...

“Haaaa!”

Napasabay ako ng sigaw nang sumigaw ang babaeng nasa loob at nakaharap sa isang flat screen plasma TV.

Nanonood siya ng *Tales of Japan* habang nakatalukbong ng kumot. Di ako makapaniwala na may manonood ng horror movie sa ganitong oras.

“Are you gonna make patay-patay me?”

Ha? Eh ako nga ‘yung mamamatay sa kaba dahil sa kanya. Bigla ba naman siyang sumigaw nang buksan ko ang pinto. Unless iniisip niya na ako ‘yung nasa movie na pinapanood niya.

“Oh.My.Freaking.Gosh, it’s you! The nerd-slash-promdi from whatever planet na napili for the exchange program thingy who beat my beloved Prime’s record!”

Teka, nauntog yata ako kanina at di ko ma-process ang sinabi niya. Sa sobrang bilis niyang magsalita, wala akong naintindihan sa sinabi niya kundi Prime’s record.

“Eh?”

“Oh, sorry. I’m your very, very gorgeous roommate, Ellione Madrigal.”

“Lyra.”

Iniabot ko ‘yung kamay ko para makipag-handshake pero di niya tinanggap. Instead lumapit siya sa akin at nakipagbeso-beso.



Nilibot ko ang paningin ko sa room. Actually para sa akin, hindi siya room.

May 44" flat screen plasma TV, may sala at kusina. Sa isang tabi may maliit na... green house? 'Tapos dalawang queen-size beds. Nakapatong ang isang laptop sa study table na may drawer kung saan nakalagay ang mga libro.

Naglakad-lakad ako at binuksan 'yung isang pinto sa gilid. CR 'yun na may bath tub at shower sa tabi. May TV din pero mas maliit. 'Yung isang pintuan naman ang binuksan ko...

Walk-in closet.

"Ano'ng sinabi mo kanina? Prime's record?"

'Yan lang din kasi talaga ang tumatak sa utak ko.

"OMG as in OMG talaga. You don't know him? He's Prime Yvanovinch from the Helena Gang. He's super talino, like, as in he's a genius. He's been the number one student ever since we were in first year and you just stole his rank."

Kinuha ko 'yung isang maliit na unan at naupo sa sofa. Ang lambot! Sofa pa lang pwede nang tulugan. Bale magkakarapan kami ngayon ni roommate... Ano nga ulit name niya? Ellione?

"*Gikawat? Giunsa pagkawat?*" Ninakaw? Paanong ninakaw?

"Ugh, please don't use that alien language. You're making my ilong bleed."

Eh ano daw? Ako nga ang dinudugo sa kanya eh.

"Ano 'yung Helena Gang?" Sinabi niya 'yun di ba? Ba't parang wala namang na-mention sa akin 'yung head mistress na may gang dito? Saka uso pala 'yun?

"Oh my! Saang planeta ka ba nanggaling?"

Porke ba nagbi-Bisaya, taga-ibang planeta na agad? Nasaan ang hustisya?

"Helena Gang is the most powerful gang here in the

Philippines. Composed of five hot and sexy gangsters and one girl... Oh, well, I mean one of the guys' girl..."

Saglit siyang umalis at kinuha 'yung laptop niya. Oo, siya na ang may laptop. Sa kanya pala 'yung nakapatong sa study table. Gusto ko din ng laptop kaso wala akong pera.

May binuksan siyang website d'un at iniharap sa akin ang laptop. May article d'un saka mga pictures. Karamihan, stolen shots.

Tinitigan kong mabuti 'yung mga pictures. Pamilyar sila sa akin. Lalo na 'yung nasa gitna.

Tama, si Sungit at 'yung mga kasama niya. Kung gan'un, mga gangsters pala ang mga iyon at ang lakas ng loob ko na banggain sila.

"The Genius, Prime Yvanovinch. $\frac{3}{4}$ Filipino and $\frac{1}{4}$ German. He's the brain of Helena Gang. He's always calm and composed. He was ranked number one... before." Hinabol niya 'yung 'before'. "His family is the owner of biggest IT company in Asia."

Sa tingin ko ito din 'yung pinaglalaman n'ung *Powerpuff Girls* kanina. Nakasalamin 'yung Prime sa picture pero n'ung nakita ko siya kanina, wala naman siyang suot na salamin.

"The silent prince, Ryuzaki 'Ryo' Escala. As in he is so, so, so tahimik. He won't even talk to anyone, even to his friends... but that makes him super cool. Everyone in his family is in the medical field and he's taking up medicine."

Hindi kaya pipi siya o bingi kaya di nagsasalita?

"Dylan Cristobal... out of all the members of Helena, he is the mabait. He's friendly and super, super cute! Their family owns EK and a lot of other amusement parks and gaming corporations in the world."

Then click, click, click....



“Yola Ishikawa, she’s the only girl in the gang and Dylan’s childhood friend. Many are so inggit with her kasi she’s so close to them, but not me. As in duh, di hamak na mas maganda naman at sexy ako sa kanya. And she’s not even a girl!” Saka niya iwinagayway ‘yung kamay sa harap ng mukha niya at nag-snap. “The Casanova, Skyler ‘Skye’ Jickain.”

Siya ‘yung lalaking nagsabi na ang mga babae ay minamahal sa kama. Babaero pala ang isang ‘yun kaya dapat dumistansya ako ng one mile away.

“All the girls want to sleep with him. His family is in politics. His father is the President of the Philippines and some of his brothers are senators.”

Haiz. Wala akong ibang masabi kundi mga spoiled brat. Kitang-kita naman sa picture, eh. Gwapo, mayaman, saka anak pala siya ng Presidente.

“Eh di ba, di naman Filipino ‘yung Jickain? At saka di naman Jickain ang apelyido ng presidente eh, Cojuangco.”

Medyo nagbabasa at nanonood din naman ako ng tungkol sa politics saka bumoto ako last election. Walang Jickain n’un.

“Well, there’s a rumor that he’s an illegitimate son and that he’s using his mother’s surname...”

May anak sa labas ang Presidente?

“And lastly, the King, Christian Jireh Montenegro. Define the word ‘everything’, and that is Jireh. Powerful, rich, handsome, hottie...”

Ang OA naman ng description nito para sa masungit na ‘yun, eh isang salita nga lang ang masasabi ko tungkol ‘dun. Masungit.

Siguro nang magpasabog ng kasungitan sa mundo, siya lang ang gumising at sinalo lahat ‘yun. Kahit sa picture, ang sungit-sungit ng itsura niya.

“So don’t you make bangga-bangga them, especially Jireh. Kasi if you do, you’re dead.” *Late na ‘yung babala mo, nakabangga ko na sila...*

Wait, bakit ba ako matatakot sa kanila? Eh, ano kung gang sila? Sa Pilipinas lang naman sila number one, hindi sa buong mundo, at malaki ang difference n’un.

“Uh-huh! I know what you’re making isip ha. They are the most powerful gang in the Philippines, yes. But when it comes to the world, well, they’re still fighting.”

“Fighting?”

“Yeah... as in gang war. The war against the Apostle Thirteen... the most powerful gang in the world.”

Apostle Thirteen.

Ngayon ko lang narinig ang salita na ‘yun pero bakit parang iba ang dating sa akin? Parang may kung ano sa dalawang salita na ‘yun na bahagi ng pagkatao ko.

“They’re known in the gangster world as the Apostles of the Gangsters’ God. You make them kilala by their tattoos and masks.”



Apostle Thirteen...

Hindi ako pinatulong ng dalawang salita na ‘yun. Nag-*Google* na ako at nag-*Yahoo*, wala namang lumalabas na article tungkol sa kanila.

Bakit ko ba pinoproblema ang bagay na ‘yun eh hindi naman ako gangster o Apostle?

Naglalakad na ako papunta sa first subject ko nang bigla akong mapatigil dahil sa isang rugby ball na patama sa mukha ko. Yumuko ako para iwasan ‘yun bago tumingin sa lalaking naghagis niyon.

“Sungit!”



Ano ba'ng problema ng Jireh Montenegrong ito at pinagtitripan ako? Oo nga pala, sinipa ko siya sa...

Napaiwas ulit ako nang biglang bumalik 'yung rugby ball kay Sungit.

Kasama pala niya 'yung mga ka-gang niya. Buti na lang at natandaan ko ang mga pagmumukha't pangalan nila. Umiwas ulit ako nang ihagis ulit ni Sungit 'yung bola kay Skye at inihagis naman ni Skye kay Ryo then kay Dylan at pinagpasa-pasahan nila 'yung bola habang nasa gitna ako at naglalakad.

Sinasagad talaga ng mga ito ang pasensya ko. Ano ngayon kung gangsters sila? Kung mga ganitong bagay lang ang kaya nilang gawin, wala silang pinagkaiba sa mga bully.

Sinalo ko 'yung bola na inihagis ni Dylan at malakas ko 'yung ibinato kay Sungit. Hindi naman natinag si Sungit sa pagkakatayo niya kahit na muntikan nang tumama sa mukha niya 'yung rugby ball.

Mukhang mas naasar yata siya sa ginawa ko.

Nakatitig lang siya sa akin. Mayamaya, bigla siyang ngumiti. Ano'ng problema ng lalaking 'yun? Talo pa niya ang babaeng may buwanang-dalaw.

Umalis na siya at naglakad palayo kasunod ng mga kasama niya.

Nakakatawa man pero gusto kong isiping nagpapapansin lang sa akin ang lalaking 'yun.

"Excuse me. Sa 'yo ba ito?"

Napatingin ako sa lalaking lumapit sa akin, hawak 'yung rugby ball na ibinato ko kanina. Doon ko napansing mapulang-mapula 'yung noo niya.

"Sorry. Tinamaan ka ba?"

"Hindi. Ako 'yung tumama sa bola."

Hindi ko alam kung ano'ng gusto niyang sabihin pero nainis ako d'un, ah. May pagkapilosopo ang isang ito.

“Isly!”

Lumingon siya nang marinig na may tumawag ng pangalan siguro niya.

“Ano'ng ginagawa mo dito? Naligaw ka na naman ba?”

“Ah, hindi. May dinalaw lang ako. Isang dating kaibigan.” Saka siya tumingin sa akin bago inabot ang bola. “Nice to meet you, Lychii...”